

1

Pinagpag ni Maby ang kanyang puwitan saka nag-iinat na tumayo mula sa pagkakasalampak niya sa bench na nasa tapat ng school quadrangle. Muli niyang sinipat ang kanyang wristwatch at ngumisi nang palihim. Kung hindi siya nagkakamali, anytime now ay lalabas na ang lalaking kanina pa niya inaantay. Mas lalong lumawak ang ngisi niya sa pinaplano niyang gawin ngayong tanghali.

Ilang saglit nga lang ay nakita niya ang pakay niya, kaya naman dali-dali niya nang kinuha ang kanyang bag na nakapatong sa ibabaw ng ilang libro. Mabilis ang lakad na binaybay niya ang kaparehong daan na binabaybay ng lalaking sinusundan niya.

Ilang freshmen ang naitulak at nalagpasan ni Maby just to make sure na mahahabol niya si Knight Que, ang kanyang longtime crush na soon-to-be true love, lalo na kung ang pagbabatayan ay ang tagal na ng pagkagusto niya dito.

Ayon sa isang article na nabasa niya, ang paghanga o infatuation ay nagtatagal lamang ng isa hanggang apat



na buwan. Pero dahil magdadalawang taon na siyang may gusto kay Knight, palagay niya ay nandoon na siya sa estado ng 'love'. Maaaring di pa siya gusto ng lalaki ngayon, pero para saan ba ang pagsunod na ginagawa niya? Hindi ba para magustuhan siya nito at nang magkatotoo na ang happy-ever-after niya?

Medyo hinihinala na siya nang maabutan niya si Knight. Nasa likuran lang siya nito at hindi niya pa napag-iisipan kung ano ang next move niya. Bukod sa kailangan niyang sabayan ang mabilis na lakad nito, kailangan niya ding habulin ang hininga or else, aatakihin siya ng asthma. Mas dyahe naman iyon pag nagkataon.

Nasa kalagitnaan siya ng pag-iisip nang mag-beep ang cellphone na nasa bulsa ng palda niya. Saka siya nakaisip ng magandang ideya.

Hinabol niya ulit ang mabilis na paglalakad ni Knight at itinapat ang aparato sa tenga niya na tila may kinakausap. Saka kunyari ay hirap na hirap na sukbit ng iisang kamay ang apat na libro na hindi niya na nailagay sa locker sa pagmamadaling umuwi. Tumikhim muna siya saka nagsalita.

“Oo po, Ma, Opo, pauwi na nga po. Naglalakad na po ako. Oo po. Pakisabi na lang din kay Dada na huwag magtagal dahil magre-review ako, ha?” Habang

nagkukunwaring may kausap sa phone ay tinitingnan niya kung napansin siya ni Knight. At sa peripheral view niya ay mukhang napansin naman siya nito. Pinagbuti niya ang pag-arte at kunyaring malapit nang mabitawan ang libro niya.

“Oo po. Sige po. Opo.” Kunwari ay tumango-tango pa siya. Crossing her fingers na magpaka-gentleman si Knight at kunin ang hawak niyang libro or something. Nang mapansing nauuna na siya ay bahagya pa siyang tumigil at kinipkip ang libro saka nagpaalam na sa ‘kausap’ niya. “Sige po, Ma. Ba-bye po!”

Nang maibulsa ni Maby ang cellphone ay inayos niya ang libro sa ibabaw ng kanyang kaliwang tuhod. Doon naman siya nilapitan ni Knight.

“Maby, tulungan na kita.”

Tulad ng madalas mangyari ay gusto na naman niyang panghinaan sa boyish na ngiti na permanente na yata sa mukha ni Knight. Pero thank goodness, nagawa niya pa ring umarteng nagulat at tila noon lang ito nakita.

“Uy, Knight! Ikaw pala! Naku, huwag na! Kaya ko na ’to!” Ngumisi pa siya pero ramdam niyang namula na naman ang mga pisngi niya, tulad ng madalas mangyari sa tuwing makakausap o makakasalubong niya ang lalaki.

“No, I insist. Akin na iyan,” anito saka kinuha sa kanya ang apat na textbook. “Bakit kasi hindi mo na lang 'to iniwan sa locker?” tanong nito habang naglalakad na silang dalawa nang sabay. Kung kanina ay tila marathon ang lakad ni Maby, ngayon ay sobrang bagal naman. Isa pang magandang bagay ay sinasabayan siya ni Knight sa paglalakad!

Feeling niya tuloy ay naglalakad sila sa isang parke at hindi sa isang malawak na kalsada habang nasa ilalim ng init ng araw. Feeling niya, dinuduyan na sila ng mga ulap. At last, matapos ang halos isang linggong pag-a-attempt niya na makasabay si Knight, nagawa niya rin sa wakas! Hindi birong bilisan ang pagsasagot ng exams para lang maunang makalabas sa exam room at maunahan ang lalaki.

“Maby? Okay ka lang? Naiinitan ka ba? Namumula ka.”

Mas lalo yatang namula ang mukha niya na kanina ay kakulay na ng kamatis. Diyata't nagde-daydream pa siya ngayong kasabay niya na si Knight sa pag-uwi?

“Ah... Hehe. Pasensya na. Iniisip ko kasi kung tama 'yung naisagot ko sa last equation kanina sa exam sa Math. Ano nga 'yung tanong mo?” pagdadahilan niya na fortunately ay kinagat naman ng lalaki.

“Tinatanong ko kung bakit dala mo pa itong mga

books mo, hindi ka ba nag-locker?"

Sasabihin niya bang hindi na siya nag-locker para maabutan ito pauwi? Of course not!

"A-ano kasi, magre-review ako mamaya, 'tapos ano... itse-check ko kung tama 'yung isinagot ko sa Math exams," dugtong niya nang mapansing nasa ibabaw ng apat na textbooks ang Trigonometry niyang libro.

Natatawang umiling si Knight at tumingin sa kanya. "Wow! Ikaw na talaga, Maby! Ang sipag mo namang mag-aral!" Mas lalo siyang namula sa titig at sa pamumuri nito, kaya dali-dali siyang tumingin sa malayo.

"N-naku, hindi naman. Ano..." Nawalan na siya ng sasabihin.

Ayaw niya namang magmukhang brainy geek sa harap ni Knight. Ano na lang ang sasabihin nito, masyado siyang studious? Paano ito manliligaw sa kanya kung ganoon ang impression na ginagawa niya? Naku! Hindi dapat ganoon! Masisira ang plano niya!

Pero bago pa siya makadugtong ng sasabihin ay ngumiti na naman ito ng boyish grin nito. "Huwag ka nang mahiya sa akin. Parang hindi naman tayo magkaibigan. Saka bilib nga ako sa mga masisipag mag-aral, eh!"

What he said made her speechless. Diyata't naa-



attract na sa kanya si Knight? Hindi na niya napigil ang ngisi.

Habang pinaplano ang pagsasabay nilang pag-uwi ni Knight ay pinaplano na rin niya kung paanong magkukuwentuhan sila tungkol sa maraming-maraming bagay, pero tila lahat ng balak niya ay nabura nang aktuwal na silang magkasabay. Parang ang bilis ng oras para kay Maby dahil nang tila matauhan siya ay halos nasa harap na sila ng gate ng bahay niya. Malalagpasan niya pa nga sana kung hindi lang siya tinanong ni Knight.

“Ito na ang bahay n’yo, di ba?” turo nito sa puti nilang gate.

Disappointment flooded her being. Nakakahinayang na tapos na ang ilang minutong fairy tale niya. Kung hindi lang nakakahiya at kung hindi lang siya magmumukhang tanga, baka nagmaktol na siya doon na parang bata na inagawan ng laruan. Pero hiya niya na lang kay Knight at baka pati ang pagpapaganda points niya ay mawala pa. Mabokya pa siya nang bongga.

“Ah, oo. Ikaw ba, anong street ka?” kunwa’y tanong ni Maby kahit ang totoo ay alam niya kung saan ito nakatira. Actually, alam niya ang mga importanteng detalye sa buhay nito. She’s just trying to engage him in a conversation. Kahit konti pa...

“Sa kabilang street lang ako. Sa Sampaguita Street.”

“Ay, totoo ba?” She feigned her surprise, of course.

Tiyak na mananalo na siya ng *Oscar* award sa acting prowess niya.

“Oo. Madalas nga kitang makita sa banda rito o kaya pag bumababa ka sa may amin. Di ba kina Mang Kaloy ka bumibili ng pandesal?” tukoy nito sa panaderya sa dulo ng kalsada.

“Oo, d’un nga! Paano mo nalaman?”

“Nakikita kita tuwing umaga.”

“Wow... to think hindi kita nakikita doon. Anyways, you want to go inside? Makapag-juice ka man lang or something?”

Maby knew she was somehow acting forward, pero pinagplanuhan niya ito. Sana man lang umoo ang lalaki para makapag-usap pa sila. Get to know each other, kumbaga.

But the moment his face turned apologetic, alam niya nang bokya ang second move niya. “Next time na lang siguro, Maby, may gagawin pa kasi ako sa bahay.”

She tried not to look sulky at ngumiti dito. “Of course. Silly me. Sige, next time na nga lang siguro.”

“Sige, ba-bye!” anito saka naglakad na patalikod.

“Ingat!” She waved and look at him hanggang sa makarating ito sa dulo ng kalsada kung saan ito lumiko



at tuluyan nang nawala sa kanyang paningin.



Nakapagbihis na ng pambahay at nananghalian na si Maby nang mag-ring ang telepono nila. Half-expecting kung sino ang tumatawag ay binitbit niya na ang kanyang plato palapit sa side table kung saan nakapatong ang telepono.

“Hello, Ocampo Residence. How may I—”

“Maria Beatriz Ocampo! Bakit mo kami iniwan sa school?!”

Bahagya niya pang inilayo ang receiver sa tenga niya nang marinig ang pamilyar na boses ni Gwendalyn o Dale, ang best friend niya.

“Dale, s’abi ko kanina, mauuna na akong umuwi! Hindi ka ba nakikinig?” aniya saka sumubo ng kanin at ulam. Maingay din siyang ngumuya habang pinapakinggan ang naiiritang boses ng babae.

“Akala namin nasa may quadrangle ka lang nag-iintay! Na-bad trip pa nga si Amber kasi naputikan siya sa may vegetable garden sa kakahanap sa ’yo!”

“Kasalanan ko pa?” iritado na ring tanong niya. Kasalanan niya pa ba kung medyo mahina ang pick-up ng mga kaibigan niya sa sinabi niyang mauuna na siyang umuwi?

“Eh, bakit ka ba kasi atat na atat umuwi?”

Dahil naalala ang ilang minuto niyang fairy tale ay napangisi si Maby at parang tangang humagikhhik. “Ay, jusme, 'te! Heaven by your side kanina! Kasabay ko si Knight pauwi!”

“Ay, totoo ba? Ano'ng nangyari? Ikwento mo, dali!” tumitiling sabi ni Dale sa kabilang linya na tila ba nakalimutan na ang inis kanina.

At dahil sa request ng best friend niya ay tila laban sa boxing na blow by blow niyang ikinuwento ang ‘nangyari’ habang magkasabay sila ni Knight. May panaka-nakang side comments ito lalo na nang sabihin niyang nagkunwari pa siyang may kausap sa telepono para lang makapagpapansin siya kay Knight.

Ilang beses niya ding inulit ang binansagan niyang ‘few minutes fairy tale’ nang tumawag sa kanya ang iba pa nilang barkada na sina Amber at Jana na sa kabila ng pagkainis sa kanya dahil bigla siyang nawala ay abot-langit naman ang tawa nang ikuwento niya ang nangyari.

Napatigil lang silang magkakaibigan sa telebabad nang tinawag na siya ng kanyang ina para tumulong sa pagluluto ng hapunan. Pero hindi pa rin siya tinigilan ng mga kabarkada niya hanggang sa text. Ilang beses tuloy siyang nasita habang nasa kalagitnaan ng paghihiwa ng carrots at pagsagot sa mga mensahe ng mga kaibigan.

Nang sumapit ang oras ng pagtulog ay nakangising



pinanggigilan ni Maby ang mukha ng teddy bear niyang si Portia. May mga gabing ini-imagine niyang si Knight si Portia pero ngayong gabi ay pinanggigigilan niya ito, imagining the eventful day she had with Knight.

Hanggang sa panaginip nga ay kasama niya pa rin ang lalaki, pero doon ay tila umubra na ang mga advances niya dahil magkatabi daw silang nakaupo ni Knight sa isang bench at nakaakbay pa ito sa kanya.

2

Na-late ng gising si Maby kinabukasan. Pero hindi siya masyadong nabahala dahil bukod sa malapit lang sila sa *Holy Trinity Academy* ay fresh na fresh pa din sa alaala niya ang napanaginipan niyang magkatabi at nakaakbay daw sa kanya si Knight.

Kinikilig-kilig pa siya habang naglalakad at nagdaydream kahit na late na siya at tumatakbo na ang kakambal niyang si Markus sa unahan niya. Kiber niya ba. Magmadali man siya, alam niyang late na siya kaya para saan pa ang pagtakbo? Ma-stress lang siya. Masayang pa ang ilang minutong pagtanga niya sa salamin para siguruhing maganda, maayos at perpekto ang pagkakasuot niya ng school uniform nila.

Sobrang ganda pa din ng mood niya pagdating sa school. Kabaliktaran ng nagka-cram niyang mga kaklase na abala sa pagtse-check ng mga notes ng mga ito dahil ikalawang araw ng quarterly exams nila.

“Ang ganda ng ngisi ni Maria Beatriz, o!” biro ng kaibigan niyang si Jana na nakaupo sa upuan nito habang hawak ang leaflets na may mga formula para sa Physics



exam nila.

“Maganda kasi ang gising ko. Huwag kang panira ng umaga diyan, Jana!”

Her friend let out her usual laughter which sounded like a melody. “Panira agad? Ikaw talaga! Mag-review ka na nga lang!”

liling-iling na umupo na lang si Maby sa kanyang upuan na nakapuwesto sa gilid ng bintana, hoping na sana dumaan si Knight at baka sakaling ganahan siyang magsagot ng mga tanong mamaya sa exams nila. Wala na siyang pakialam kung busy sa pagbulong ng mga formula ang mga kaibigan niya.

P’wede naman nila akong pakopyahin mamaya kung sakaling nakalimutan ko.

Napangisi na lang siya at saka nagkakandahaba ang leeg na lumingon sa corridor.

Natapos ang Physics at Home Economics exams nila na parehong good vibes si Maby. Nagtatawanan pa sila habang palabas sa classroom. Naglalakad na sila papuntang canteen nang makasalubong nilang tatlo ang kaibigan nilang si Nuggets na may dalang isang may kalakihan kesa sa normal at hard bound notebook.

“Maby! Jana! Amber! Dale!”

Nagtatakang napalingon silang apat dito at inantay na makaabot ito sa kinatatayuan nila. Humihingal pa

nga ito saka iniabot sa kanila ang notebook. “Mag-sign naman kayo. Memorabilia lang.”

Nang makita ang hawak nito ay medyo umasim ang mukha ni Maby.

Usong pa pala ang slumbook sa panahon ni Facebook?

Kahit kaibigan niya si Nuggets, nakokornihan siya sa pinaggagagawa nito. Pero hindi niya alam kung paano sasabihin iyon dito. Pasalamat siya na si Jana ang nag-voice out ng komento niya.

“Really, Nuggets? As in slumbook?” Nandidiri ang timpla ng mukha nito, tila ba inabutan ng isang mabahong bagay na nalukot ang magandang mukha ng kaibigan niya.

Ngumisi lang si Nuggets at nag-peace sign. “Usong pa din naman ’yan. Sige na! Requirement kasi namin ’yan sa Personality Development. Saka mas unique naman ’yang slumbook ko kesa sa mga nabibili mo sa bookstore, ’no!” nakangising dagdag pa nito.

Pero kahit ano yatang sabihin ni Nuggets ay iisa ang opinion nila tungkol sa pobreng slumbook. “Pass muna ako, Nuggets,” sabi ni Jana na ibinalik sa babae ang notebook.

“Ako din,” magkapanabay na sabi nina Amber at Dale na may bahid ng awkwardness ang mga mukha. Alam ni Maby na ganoon ang mga mukha ng tatlo dahil

in a way ay nakaka-offend nga naman kay Nuggets na matanggihan.

Sasabihin niya rin sanang pass muna siya nang paningkitan siya ng mata ni Nuggets. “Ayaw mo din, Maby? Si Knight ang huling nag-sign up diyan!” proud pang sabi nito.

Nanlaki naman ang mata niya at hinablot ang slumbook. True to her words, si Knight nga ang pinakahuling entry doon.

“Really, napa-sign up mo diyan si Knight?” Incredulous ang boses ni Jana na parang ayaw maniwala kay Nuggets.

Ngumisi lang ang babae. “Oo naman. Sinabi ko kasing required kaya willing sila. Bibihira kasi ang may gustong mag-sign up. Nandiyan nga din si Matthew, si David at si Oliver, eh!”

Napataas ang tingin ni Maby sa mga kaibigan niya. Nuggets may sound proud, pero nagsilbing switch ang mga pangalan na binanggit nito. Nagkataon naman kasing ang tatlong lalaking nabanggit nito ay pawang mga crush nina Jana, Amber at Dale.

“Paano mo nagawa ’yun?” nagdududang tanong pa rin ni Jana.

“Simple lang. Sinabi ko lang na special project. Ano, Maby, magsa-sign up ka ba?” anito matapos kindatan

ang tatlong kasama niya.

Ngumisi siya at hindi na nagdalawang-isip pa. “Aba, syempre naman!”

“So, paano, iuwi mo muna? Soli mo na lang sa ’kin sa Monday?” anitong tila alam na ang gagawin niya.

Stalker mode: On!

“Surely!”

Ngisi-ngising nagpaalam na sa kanila si Nuggets pagkatapos. Nang makalayo ito ay dali-dali naman siyang hinila ng tatlo pabalik sa room, pero pinigil niya ang mga ito. “Later, girls. All good things are here pero later. Mag-break muna tayo, okay?”

Halatang magpoprotesta pa sana si Amber, pero naipasok niya na sa bag niya ang slumbook kaya hindi na rin ito nakaangal pa.



Pagkatapos ng pangatlo at huling exam nila nang araw na iyon ay dumiretso sila sa bahay ni Jana na siyang pinakamalapit sa school at nagkulong sa kuwarto ng babae.

Doon, matapos mahubad ang kanya-kanyang sapatos ay nagsipag-akyatan sila sa malaking kama ni Jana at pumaikot. Napapaikutan nila ang slumbook ni Nuggets na nasa gitna at tila importanteng artifact.

“Kanino muna titingnan natin?” excited na tanong ni

Amber na gusto nang tingnan ang mga naisulat ng crush nitong si David.

“As if naman ’yung makikita mo d’yan, wala sa *Facebook* account ni David!” buska ni Jana pero obvious din na gusto na nitong tingnan ang narooong mga entry.

“Gaga! ’Yung kay Jeremy ’yung titingnan ko, hindi ’yung kay David! Hello, moved-on na ako doon, ’no!” Amber retorted.

“Eh, ba’t mo naman titingnan ang kay Jeremy, aber?” usisa ni Dale.

“Wala. Masamang tingnan?” Amber replied with red cheeks.

Inasar nila ito dahil sa mala-showbiz nitong sagot, pero wala silang napala. In the end, nagbunutan sila kung sino ang mauuna. Nabunot ni Amber ang one, sa kanya ang two at kina Jana at Dale naman ang three and four.

“Naks! Crush daw ni Jeremy si Miss ABC! Parang Amber Bautista Castro, ’no!” pang-aasar ni Jana habang nakikisilip sa likuran ni Amber.

Lalo tuloy namula ang kaibigan nila at nagbadya pang ihahampas sa kanila ang slumbook.

“Isa pa, Jana!” Halatang napipikon na si Amber, kaya tumigil na silang tatlo. Pero ngising-ngisi pa din sila.

Nang matapos ito sa pagtingin sa entry ni Jeremy

ay tahimik na pinasa na nito sa kanya ang notebook.

Kabadong hinanap ni Maby ang entry ni Knight na nasa dulong parte.

Para tigilan nina Jana at Dale ang pagsilip ay binasa niya na lang nang malakas ang naroon ang entry.

“*Knight Joseph Salazar Que. Born on July 23, age 17—*”

“Ay, mas matanda pala siya sa atin?” singit ni Dale.

It’s a new information for Maby, too. Wala namang nakalagay sa *Facebook* na age ni Knight. Birthday lang. Nagkibit-balikat na lang siya saka ipinagpatuloy ang pagbabasa. “...*favorite color: blue, favorite food: Spaghetti Bolognese, favorite band: The Beatles and Eraserheads.*”

Nagpatuloy sila sa pagbabasa ng ilang bagay na noon niya lang nalaman tungkol kay Knight, hanggang sa umabot siya sa second page kung saan naroon ang ilang non-sensical na tanong tulad ng ‘most embarrassing moment, most unforgettable moment’ at iba pa. Pero sa bandang dulo naman ay naroon ang pamosong ‘what is love?’.

“*Love is like a flower that you have to let grow,*” madamdaming basa ni Dale.

“Naks, poetic!” biro ni Amber na nakikisali na uli sa asaran.

“Favorite niya kasi si John Lennon! Kanta kaya ng



Beatles 'yun!" pagtatanggol niya kay Knight.

"Tingnan mo na kung sino crush niya, dali na!" sulsol ni Jana na nakisilip pa talaga. Sa huli, siya na rin ang nagbasa ng malakas. "*Who is your crush? Nympha Cortez.*"

"Sinong... O-M-G! Si Ate Nym?" gulat na usal ni Dale.

Walang nakapagsalita sa kanila. Kilala nilang lahat kung sinong Nympha ang tinutukoy ni Knight.

Matapos bitawan ang slumbook ni Nuggets ay ang yearbook naman ng kuya ni Jana ang hinalungkat nila. Kaka-graduate lang ng kuya nito at ka-batch ang Nympha na tinutukoy ni Knight.

Nympha Alastair Cortez graduated as the class salutatorian. Sikat na sikat din ito sa kanilang eskuwelahan dahil sa madalas itong nasa mga tarp na ipinapa-print ng kanilang administration dahil sa sunod-sunod na panalong naiuuwi nito sa paaralan. Magaling ito sa Math, parte ng student paper, secretary ng Student Council at gold medalist sa larangan ng sports.

"I-search mo sa *Facebook* si Ate Nym!" sulsol ni Dale kay Jana na noon ay hawak na ang tablet nito.

"Ito na nga! Teka lang..."

Ilang sandali pa ay lumabas na ang nakangiting profile picture ni Nympha. Bukod sa pagiging gifted

nito ay biniyayaan din ito ng gandang pangmodelo.

Sa kasalukuyan ay nag-aaral ito sa isang prestihiyong kolehiyo at kumukuha ng kursong Political Science.

“Wow, so may balak siyang mag-Law?” manghang-mangha na sabi ni Dale.

“Pag PolSci, Law agad?” ani Jana.

“Eh, ano pa nga ba, alangan namang doctor?” sopla ni Dale.

Tahimik namang nagba-browse ng account ni Nympha si Maby. Naghahanap siya ng post na kutob niyang makikita niya. Di nga nagtagal ay may nakita siyang isa. Naka-tag lang si Nympha sa nasabing post. Pero naka-tag din sa nasabing post si Knight.

Nang i-scroll niya ang comments ay nabasa niya ang ilang palitang conversation ng dalawa:

Knight Que: Sana nag-enjoy kayo. Thanks for coming!

Nympha Cortez: Oo naman! ‘Twas fun. Kayo naman ang dayo dito sa campus! Promise, the food is great.

Knight Que: Looking forward to that, ha. I-tour mo ako?

Nympha Cortez: Sure! Just text me na lang, ha? ;)

Marami pang palitan ng comments, pero wala na siyang pakialam doon. Dali-daling isinara ni Maby ang window ng naturang social network at ibinalik kay Jana ang tablet.

“Di naman siguro sila or something?” nananantyang sabi ni Dale.

“Ewan ko, baka. Siguro,” may bikig sa lalamunan niyang turan. Pinipigil niya lang ang sarili niya, pero ramdam ni Maby na namamasa na ang kanyang mga mata. Maaaring infatuation lang ang nararamdaman niya kay Knight, pero hindi biro ang emotional investment na nailagay niya sa dalawang taon na paghangang iyon. Isa pa, unti-unti siyang kinakain ng insecurities niya.

Kung dati ay plano niyang gawin ang kahit anong paraan para magustuhan siya ni Knight, ngayon, sa nakikita niyang layo ng agwat nila ni Nympha, mukhang malabo. Miles apart, kumbaga.

Oo nga't nasa star section siya pero hindi naman siya katulad ni Nympha na gifted. Sa kanilang magkakaibigan, si Jana, si Amber at ang kaibigan pa nilang si Nami ang hindi nawawala sa honor roll.

Oo nga't nasa star section siya simula noong first year, pero tamad naman siya. Parte nga si Maby ng school paper, ngunit contributor lang at hindi editorial assistant. Nakapasok din siya bilang member ng Board of Directors ng Student Council. Higit sa lahat, hindi siya mahilig sa sports at magaling lang siya sa procrastination. In short, walang-wala kumpara sa achievements ni Nympha.

“O, ano, nawalan ka na agad ng pag-asa?” usisa ni Dale na tinatapik ang likod niya nang mapansing napasimangot na siya.

Di na napigilan ni Maby ang luha na tumakas sa mata niya. “Sino’ng hindi? ’Takte, ang ganda at ang talino kaya ni Ate Nym!” pagmamaktol niya.

Sa gulat niya ay binatukan siya ni Jana. “Gaga! One can hope! ’Wag ganyan na dying agad ang fighting spirit mo.”

Sinang-ayunan naman ito ni Amber. “Saka all is fair in love and war!”

Ngumisi si Dale na tila may naalala. “Oo nga naman. Si Amber nga, nag-proclaim ng undying love niya kay David, di ba?” nakangising sabi nito.

“Gaga! Undying love?! Crush lang ’yon! *Crush!*” pabulyaw na sabi ni Amber, sabay hampas ng unan kay Dale na naiwasan naman ng huli.

“Crush lang ’yon? Sure ka? Eh, bakit nakalagay sa sulat mo noon, ‘I don’t think this is just a mere crush. I think it is something more—” Habang nagsasalita at kino-quote ni Dale ang love letter ni Amber sa dating crush nitong si David ay hinahabol naman ito ng huli. Aiming to hit her with the pillow.

“Tama na kasi, Gwendalyn!” On Amber’s last grunt, she hit Dale on the face. Almost making her fall, pero

tawang-tawa pa din ito.

“Ito naman si Amber, I don’t mean to offend you, okay? Pinapaliwanag ko lang kay Maby ang mga magandang traits pag nag-confess siya kay Knight.”

“Oo nga naman, Ambs! Isa pa, wala na tayo sa panahon ni *Maria Clara*. It’s about time to... Er—” singit naman ni Jana na hindi na matapos ang sinasabi.

“Time to ano?” Amber asked.

Jana grimaced. “Basta ’yun. Kung ako kay Maby, sasabihin ko na kay Knight na crush ko siya. After all, a little crush won’t hurt!”

Napangisi na lang sila sa sinabi nito, pero deep inside, napaisip din si Maby kung dapat na nga ba niyang aminin kay Knight na gusto niya ito.

Pero agad-agad? may maliit na boses na nagtatanong sa isang bahagi ng utak niya.

Di niya rin matimbang sa sarili kung dapat nga bang sabihin niya o iparamdam na lang sa lalaki ang kanyang nararamdaman. Tatal, iyon naman talaga ang plano niya noong una pa lang. Sabi nga nila, action speaks louder than words. At sa parehong paraan, maipapakita niya kay Knight na may nararamdaman siya para dito na walang sinasabi. In short, intact pa din ang pagiging babae niya at ang pride niya.

“Hoy! Pahiram na ng slumbook, ateng! Aba,

titingnan ko din naman 'yung entry diyan ni Oliver, 'no?" singit ni Dale na nasa tabi niya na pala.

Walang salitang iniabot niya dito ang hawak niyang notebook.



Nagkulong lang sa kuwarto niya maghapon si Maby nang sumunod na araw. Sabado iyon kaya hindi siya kinakatok ng mama niya para lumabas o gumising nang maaga. Kaso ang aga niyang nagising, she ended up thinking about Knight and Nympha.

She's thinking deep about the two, especially the latter. Pagkabasa niya pa lang sa pangalan ni Nympha bilang crush ni Knight, alam niyang bumaba na agad ang self-confidence niya maging ang pag-asa niyang magustuhan ng lalaki. Ano ba naman ang laban niya sa ganda at talino ni Nympha?

Sure thing, may ibubuga din naman siyang talino kahit papaano. Pero hindi tulad ng babae ay walang binatbat ang iilang achievements niya. Nympha's a Math wizard habang History at sa oration lang siya magaling. She could speak with anyone and entertain them, but she couldn't make them look at her with awe. Lalo na pag pinag-usapan na ang talino at kagandahan.

Naalala niya noong nakaraang taon, si Nympha ang nanalong orator sa Senior Level habang siya naman sa

Junior Level. Surely, napatawa niya ang audience habang nagde-deliver siya ng spiel niya. Pero nang si Nympha na, the audience listened with admiration written on their faces. Sa mga ganoong bagay ay talong-talo na agad siya sa babae. Lagpak agad ang self-confidence niya.

Si Maby man ay bilib na bilib sa babae habang nagsasalita ito noon na puno ng confidence sa harap ng madaming tao.

Napatigil lang siya sa pag-iisip nang may kumatok mula sa labas ng kuwarto niya. Sinundan iyon ng mahinang boses ni Markus, ang kakambal niya.

“Mabs! Labas ka muna saglit. Wala kasi si Mama, eh!” May pagmamadali ang bawat bagsak ng kamay nito. At base sa ingay sa sala nila, tiyak na naroon ang mga kaibigan nito para makigulo sa bahay nila. Ingay na naman, tiyak.

“P’wede ba, Markus! Ayoko pang lumabas. Bakit ba ang ingay mo?”

“Please naman, Mabs! ’Andiyan ang mga barkada ko, patimpla lang ng juice saka pagawa ng tuna sandwich, please?” Nagmamakaawa na ang kakambal niya kaya naawa naman siya.

Dahil bihira siyang asarin ni Markus these past few days ay naghilamos na rin si Maby at lumabas without bothering to change her pajama and sleeveless top. May

bra naman siya at wala talaga siyang balak lumabas ng kuwarto unless lunchtime na. At malayo pa ang lunch dahil alas nueve pa lang ng umaga.

Naabutan niyang nasa labas ng kuwarto niya si Markus, suot ang jersey shorts nito at nakapagpalit na ng white shirt pero pawis na pawis pa din.

“Yuck ka, Markus! Ang pawis mo, o!” Nalukot ang ilong niya nang makita ito.

“Nagsalita ka naman, Maby, eh, hindi ka pa nga nagbibihis!”

Pinukulan niya ito ng masamang tingin at kunwa’y babalik sa kuwarto. “Ikaw na lang kaya gumawa ng sandwich n’yo?”

Mabilis itong lumapit sa kanya at hinawakan ang braso niya. “Ito namang kakambal ko, hindi na mabiro. Sige na, Mabs! Nanalo kasi kami kaya nagkaayaang magmerienda. Sige naman na.”

Umingos lang siya at naglakad na pababa ng hagdanan. As usual, ang mga kaklase at barkada nito na madalas sa kanila ang naroon. Kilala niya ang mga lalaki dahil sa *Holy Trinity Academy* din nagsisipag-aral ang mga ito.

“Good morning, Maby!” sabi ni Japeth. Naroon din si David na dating crush ni Amber. Lihim siyang napangiti at nag-mental note na asarin si Amber para



pumunta sa kanila.

“Morning. Ang aga n’yo mambulahaw! Teka, bakit wala yata si Leo?” usisa niya nang di makita ang isa pang best friend ng kakambal niya na siyang madalas niyang kaaway.

Pero bago pa may makasagot sa kanya ay tumunog na ang wind chime. “Hi, Mabs, miss me?” nakangising pang-aasar ng bagong dating na si Leo.

Ngumisi lang siya at naghandang asarin din ito. Kung hindi lang siya nagulat sa lalaking kasunod nitong pumasok.

“Knight! Dito ka, Pare!”

Napatda si Maby at hindi na naibalik ang pang-aasar ni Leo sa kanya. Sa halip ay wala sa sariling inipit niya ang kanyang buhok sa likod ng kanyang tenga. “Ahm, err...” And God, she stuttered! Utang na loob!

“Hi, Maby! Good morning!” bati sa kanya ni Knight nang nilagpasan siya nito papunta sa couch sa tabi ni Japeth.

“M-morning.”

“Maby, ’yung sandwich...?” paalala ni Markus na nasa pinto ng kusina, hawak ang pitcher ng iced tea.

Pilit niyang magpakaswal saka binalingan ang kakambal. “Markus, paki-chop na ’yung apple saka onion. Akyat lang ako saglit.” Saka walang lingon-likod

na umakyat siya sa kuwarto niya.

“Maby, mamaya ka na umakyat! Mami-miss kita, sige ka!” hirit pa ni Leo na ikinatawa nina David at Japeth.

She, on the other hand, was freaking nervous. Oo nga’t magkaklase sina Knight at Markus sa school, pero ngayon lang niya nakita ang una na naligaw sa bahay nila. Sina David, Leo at Japeth ang madalas na kasama ng kakambal niya sa mga galaan.

Dali-daling pumasok ang babae sa banyo at naligo. Wala pang ten minutes nang kumatok si Markus para sabihing naka-ready na ang sangkap ng tuna sandwich na pinapagawa nito.

“Mabs, ano na? S’abi mo, igagawa mo kami ng sandwich, di ba?”

“Oo, Markus. Teka lang!” hiyaw niya habang kumukuha ng isang pares ng walking shorts at hanging blouse.

“Dali na kasi, Mabs!”

“Oo na, susunod na!”

Narinig niyang bumaba ito sa hagdanan, kaya nagmamadali na rin siyang nagbihis. As much as she wanted to blow dry her hair ay hindi na puwede kaya pinunasan niya na lang ng tuwalya ang lampas-balikat niyang buhok.

Pagbaba niya sa sala ay naglalaro na ng *NBA 2k14*

ang mga ito maliban kay Leo na nakahanda na naman siyang asarin.

“Asus naman si Maby, naligo ka pa talaga para sa akin! Kahit naman bagong gising ka, crush pa din kita, eh!” biro pa nito na ikinatawa nina Japeth at Markus. Dahil magkakaibigan na ang tatlo since kindergarten, alam na alam ng mga ito na pinagtitripan lang siya ng lalaki. Si David naman ay bahagya pa silang biniro.

“Naks, Leo, may gusto ka pala kay Maby, ha!” anito na tila naniniwala talaga sa biro ni Leo.

On normal circumstances ay pagtitripan niya din si Leo na tila may gusto din siya dito, tulad ng nakasanayan. Kapag narinig iyon ni David, tiyak na maniniwala ito sa mga kalokohan nila. Pero ngayong araw, sa di-malamang kadahilanan ay nabubuwisit siya kay Leo. Probably because he's beside Knight. And Knight remained poker-faced. Ano na lang ang gagawin niya pag naniwala ang lalaki sa mga pinagsasasabi ni Leo? Mabobokya siya agad!

“Leo, wala ako sa mood sa pambubuwiset mo, ha! Shut up!” medyo inis na sabi niya saka nagmartsa papasok sa kusina at inasikaso ang tuna sandwich na ipinakiusap ni Markus.

Habang naghihiwa ng tinapay ay naisip niya ding lagyan ng gayuma ang ginagawa niyang sandwich.

Pero nagbago din agad ang isip niya. Mamaya maligaw pa kung kanino kina Japeth, Leo o David ang may gayumang sandwich.

“At saka, wala naman akong stock ng gayuma...” aniya habang hinahalo ang mayo, apple, onion at celery sa bowl.

“Aba! Sino naman sa lalaki sa labas ang gagayumahin mo?” usisa ng mama niya na kapapasok lang sa kusina na may bitbit na bayong.

“M-Ma!” nahihiyang saway niya dito, afraid that she might be heard outside.

“Anak, di mo na kailangan ng gayuma. Sa genes mo na namana mo sa 'min ng Dada mo, ewan ko na lang kung sino'ng aayaw sa inyo ni Markus. And, if someone really likes you, you don't need anything to make him fall in love with you, you just need to be yourself.”

Napamaang na lang si Maby sa sinabi ng kanyang ina saka ngumiti nang makahulugan.

3

Mabilis na lumakad ang mga araw. Kasabay ng may karamihang requirements sa school dahil graduating students sila ay may isa pang nagpapakaba kay Maby. Parating na kasi ang Junior and Senior Promenade, kaya nape-pressure na siya.

Last year, mga lalaki ang naghanap ng mga ka-date ng mga ito para sa prom. Dahil kabe-break lang noon ni Markus sa girlfriend nito ay siya ang ginawang date ng kakambal niya. Ayon dito, mas safe na daw na siya na lang ang date nito kesa naman kung sinong babae. Dahil may pagka-war freak ang ex nitong si Sobel, malamang na sugurin nito ang kung sinumang babae na dadalhin ni Markus as date right after their breakup.

“Why so serious?” tanong ni Dale nang umupo ito sa tabi niya.

“Hindi ko pa tapos 'yung compilation of activities ko. 'Tapos wala pa rin akong naipapasa sa group activity namin sa English. Due na 'yun sa Friday,” nakangusong sabi ni Maby sa kaibigan habang nagre-rewrite siya ng solution para sa Trigo seatwork nila.

“Naku, ako nga rin! Papatulong nga ako mamaya kay

Nami tungkol d'un sa article ko. 'Tapos parating pa ang JS Prom. Mamaya daw ang announcement ng details. 'Wag muna tayong umuwi agad, ha? Hintayin muna natin ang memo."

"Sure, sure," aniya habang busy pa din sa pagsusulat ng equation. *Sana lang talaga, hindi babae ang mag-i-initiate ng date this year!*

Panay ang dasal niya buong maghapon, pero may palagay siyang hindi siya magiging masuwerte sa hinihiling niya.



Magkakasamang binabaybay nina Maby, Amber, Dale, Jana at ng kanilang ever-studious na kaibigang si Nami ang hagdanan para bumaba sa first floor kung saan nakalagay ang memo para sa JS Prom na gaganapin in two weeks' time. Alas cuatro na noon ng hapon at iilan na lang ang estudyante na nasa academy. Karamihan ay mga third year at fourth year students na naghihintay sa memo. May mangilan-ngilan ding freshmen at sophomores na nagpapa-tutor.

"For sure, this time, girls naman ang mag-i-initiate ng date sa guys," tila ba sure na sure na sabi ni Jana.

"Sabihin mo na kasi sa 'min, Nami, kung ano 'yung memo!" ungot ni Amber sa babae na siyang Student Council Vice President. Madalas kasing si Nami ang

source nila sa mga memo sa school, kaya nakakapagtaka na hindi nito ang alam ang memo tungkol sa JS Prom.

“Hindi ko nga alam. Palagay mo ba, kung alam ko, sasama pa ako sa inyo? Eh, di sana kanina pa ako umuwi!” nakaismid na sabi ng babae na panay pa rin ang tingin sa checklist nito ng mga gawain na nasa phablet nito. Nagrereklamo din ito dahil di-umano ay pinahihirapan na naman ito ng President ng SC na si Sean.

Napangisi na lang sina Amber at Jana na pinatatawa na lang ang kausap. Bibihira nilang nakakasama si Nami dahil bukod sa VP ito ng Student Council, kasalukuyan din itong editor-in-chief ng kanilang school paper at napipisil na class valedictorian.

“Bad trip kasing Sean ’yan! Sinasamantala ang pagiging presidente!”

“Chill, ’teng! Chill!” natatawang sawata ni Amber na hinaplos-haplos pa ang likod ng babae.

Masaya pa silang nagkukuwentuhan habang pababa sa ground floor nang makasalubong nila si Markus at ang mga kabarkada nitong sina Leo, Japeth, David at syempre, si Knight na tahimik lang... kabaliktaran ng maingay na kuwentuhan ng mga kasama.

“Guys, nabasa n’yo na ’yung nasa memo?” tanong ni Dale.

“Yup!”

“Ano’ng nakalagay?” usisa ni Jana.

“Bakit di n’yo tingnan sa ibaba?” nakangising sabi ni Markus saka nauna nang naglakad. Tahimik namang nanggitan lang sina Knight at Maby na parehas na nasa gilid lang.

“Leo, ano nga’ng nakalagay?” di-nakatiis na usisa na ni Maby sa lalaking nasa likuran ni Knight.

“Secret, Mabs! And sorry, ha?”

“Sorry saan?” puzzled na tanong niya dito. Never na nag-apologize sa kanya si Leo. Unless may kalokohan na naman itong ginawa? Ang huling beses na nag-apologize ito nang sincere ay noong mabasag nito ang favorite mug niya nang mag-sleepover ang mga ito sa bahay nila. Isang linggo niya itong hindi kinausap dahil doon.

“Alam mo na ’yun. Basta sorry. Di ako p’wede,” anito, sabay kindat sa kanya.

“Nakakainis talaga ’yang kakambal mo, Maby!” bad trip na sabi ni Nami habang pababa sila.

“Naku! Kung p’wede lang mamili ng kakambal, ayoko rin sa walangyang ’yan!” reklamo niya din sa kaibigan patungkol sa sarili niyang kapatid.

“Pero bakit nagso-sorry sa ’yo si Leo, Maby?” curious na tanong ni Jana.

She shrugged. Di niya rin alam kung ano na namang trip ng ungas na iyon at may pagso-sorry pang nagaganap.

Ilang sandali pa ay sinapit na nila ang first floor kung saan naroon ang bulletin board. Napapaligiran iyon ng mga third year at ilang fourth year students. Si Nami ang nagmadaling lumapit dahil ayon dito ay kailangan pa nitong magpa-text blast sa mga miyembro ng SC, ayon na rin sa utos ni Sean.

“As expected,” anito saka itinaas ang hawak na phablet at nag-type ng message. Nang si Maby naman ang tumingin sa bulletin board, napatda din siya sa nakita. Ang kinatatakutan niya ang naroon!

“OMG! OMG talaga! I will definitely ask Oliver to be my date na!” ngumingising sabi ni Dale, sabay hugot ng cellphone sa bulsa nito.

Dahil nga expected na nila ang memo na ang babae ang maghahanap ng date ng mga ito sa prom, hindi na masyadong nagulat sina Jana at Amber. Ayon sa rinig ni Maby, date ni Jana ang current boyfriend nitong si Gabe habang si Amber naman ay fixed na kay Jeremy na pseudo-boyfriend nito.

“Mabs, why not ask Knight?” nakangising bulong ni Dale sa kanya nang hilahin siya nito palayo sa nakakarami.

“Are you nuts? Do you wanna die?” asar na sabi niya sa kaibigan. For Pete’s sake, her friend was telling her to ask her forever crush to their prom!

“Of course, I don’t wanna die just yet, lalo na kapag

ganitong si Oliver na ang date ko sa prom...”

She looked at her, surprised. “Si Oliver nga ang date mo?” Akala niya ay nangangarap nang gising ang babae pero totoo nga yata.

Dale nodded. “It is decided beforehand, dearie. Two weeks ago pa, nagkasundo na kami na if ever na boys ang mag-i-initiate ng date, he’ll ask me out and vice versa. Di ba ang smooth lang? Anyways, on your part, why not ask Knight?”

“Eh... si Ate Nym...”

Pinanlakihan siya nito ng mga mata at bahagyang hinampas. “Gaga ka? Estudyante pa ba sa *Holy Trinity* si Nympha?”

Umiling siya, looking defeated.

“Ayun naman pala! Eh, di it’s your time to shine!”

“Nahihiya nga ako! Si Leo na lang siguro ang aayain ko...” Of course, gusto niya ring si Knight ang maging date niya. Why not, di ba? But imagining the lengths that she would take in order to ask him out... Tough luck.

Dale looked at her like she’s mental. “Gaga ka nga. Di ba nag-sorry sa ’yo si Leo kanina? At alam na nila ang nasa memo, di ba? Meaning, he’s saying sorry ’cause he can’t be your date. Malamang, he’s reserving himself for Nuggets.”

“Nuggets? Don’t tell me...” Nanlalaki ang mga

matang tiningnan ni Maby ang kaibigan niya. Nagbibiro ba ito? Paanong naging sina Nuggets at Leo... Sina Nuggets at Leo, for reals?

“Yes, ’teng. Di lang ikaw ang may love life dito sa buong academy, ’no! Buhay pa din naman kami at nai-in love, or in like.”

Iling-iling na nanahimik na lang si Maby. Pinag-iisipan niya kung ano ba ang dapat niyang gawin sa nalalapit na JS Promenade.



Naabutan niyang nasa sala ang kakambal niya nang umuwi siya. Naghahanap yata ito ng bala ng PSP kaya nakatalungko ito sa rack.

“Markus...” malambing na tawag niya dito habang naghuhubad ng sapatos.

“Maria Beatriz, huwag mo akong malambing-lambing diyan. I already have a date.”

Napanguso na lang siya nang matumbok nito ang nais niya. “Eh, si Leo?”

“Seriously, you want Leo as your date?”
Napapantastikuhang nilingon siya nito.

“I don’t have much choice.”

“Why not Knight? Si Japeth ’ata, third year na ang date, eh.”

Siya naman ngayon ang nagulat. “Seriously?”

Kaninang tanghali lang na-post ang memo 'tapos halos lahat ng kaibigan mo, may date na?"

Ngumisi lang ang kakambal niya at nagkibit-balikat. "If you don't want a Junior date on your Senior year, better ask those who are not yet taken. Bahala ka, baka pag babagal-bagal ka, bigla kang mawalan ng choice."

Ngumiwi lang siya dito as a response. Hukot ang mga balikat na tumalikod na lang si Maby paakyat sa kuwarto niya nang may pahabol pang bilin ang kapatid niya. "Andito sila mamaya. We'll be playing *NBA*. You must ask Knight. Or do you want me to ask him for you?"

She rolled her eyes on him. "That's not your business, brother."

"Just trying to help!" sagot nito bago pa siya makaabot sa landing ng hagdanan.

Now Maby felt more and more pressured. Walang bihis-bihis na nahiga na lang siya sa kama, weighing her options who to ask and how to ask her not-so-many options.

Bakit kasi hindi na lang si Knight? usisa na naman ng isang parte ng utak niya.

Pero kahit alam niyang may possibility na umoo si Knight sa kanya, ano na lang ang gagawin niya? Kaya niya bang ayain ito? Paano niya sasabihin?

Nakatulog na lang siya pero hindi niya pa rin maisip



kung paano at sino ang magiging sagot sa problema niya.

Naalimpungatan siya nang marinig niyang maingay sa sala. Bahagya palang nakabukas ang pinto ng kuwarto niya, kaya naman rinig na rinig ang may kalakasang audio ng *NBA 2k14* na nilalaro ng barkada ni Markus. Thinking that Knight was in their house, bumalik ang pressured at stressed na pakiramdam ni Maby.

Dahil nakatalikod ang mga ito ay nakapunta siya sa kusina nang walang nakakakita sa kanya. Mula sa kusina ay nakalabas siya sa garden at nagpasya siyang doon na lang tumambay. Mamaya, pag nakita siya ni Markus o ni Leo ay maangkat pa ang tungkol sa prom na pinoproblema niya.

Mas lalo pa siyang namroblema nang mabasa niya ang mga text message ng mga kaibigan habang tulog siya. Ayon sa mga ito, may mga date na sila sa prom. Si Nami ay ang boyfriend nito for one year na taga-ibang school. Si Amber ay si Jeremy na kaibigan nila at pseudo-boyfriend ng babae, si Dale ay si Oliver. Maging si Nuggets ay nag-confirm na si Leo na nga ang date nito.

“Hay, buhay!”

“Problema?” Muntik na siyang mapatalon nang marinig niya ang boses na nanggaling sa labas ng lampas-baywang nilang gate.

“Knight! Ano’ng ginagawa mo diyan?”

“Wala ba sa loob sina Markus? Sino ’yung naghihiyawan?” takang tanong nito.

She rolled her eyes at him and answered, “Sila ’yun. I mean, ba’t ’andiyan ka sa labas? Akala ko nasa loob ka.”

“Na-late lang ako nang konti. Galing pa kasi ako diyan sa may Santan Street.”

“Ah... Eh, ba’t ’andito ka pa? Pumasok ka na d’un. Nangangalahati na yata sila sa NBA.”

Pinagbuksan niya ito ng gate saka bumalik sa pagkakasalampak sa damuhan. Sa gulat niya ay umupo rin si Knight sa tabi niya. “Mamaya na ako papasok. Nangangalahati na pala sila, eh.”

“Ha? Parang hindi pa ’ata. Di ako sure. P-pasok ka na d’un!” she almost stuttered. Paano makakapag-isip nang maayos kung nandoon si Knight sa tabi niya? Paano naman pati ang sikmura niyang parang may tutubing nagpa-party sa ingay. Parang gusto niya na rin tuloy sumali sa party ng mga ito.

“Hindi na. Mamaya na. Dito muna ako kasi may problema ka, di ba? Wanna share something about it?”

Share? Paano kita ise-share? Nakakaloka!

Kulang na lang ay mabulunan si Maby kahit na wala naman siyang iniinom at kinakain. “Naku! Wala lang ’tong problema ko. Kuwan, simple lang ’to.”

“Sure ka?” He intently looked at her that she almost



died out of his gaze.

Utang na loob, Knight Joseph Que, huwag ganito!

“O-oo naman! Iniisip ko lang ’yung article ko sa English, alam mo naman si Ma’am Sabayan...” tukoy niya sa English teacher nila.

“Ah... Oo nga, eh, nagpatulong din ako sa isang kaibigan para sa English article na ’yan.”

Kamuntik na niya itong tanungin kung si Nympha ba ang kaibigang tinutukoy nito, pero pinigil ni Maby ang sarili. Madi-discover ni Knight nang wala sa oras ang pagiging stalker at usisera niya.

“Good for you. Ako, baka kay Nami na lang magpatulong.”

“Nga pala, I heard si Leo ang date ni Nuggets?”

Muntik nang malukot ang mukha ni Maby sa biglang prom-related segue ni Knight, pero pinili niya na lang tumango. “Oo nga daw.”

“Eh, ikaw? Have you asked someone?”

She shook her head. One moment there, gusto niyang sabihing baka kung puwede ay ito na lang ang date niya. Pero ang mahirap ay paano? Mamaya ay magmukha siyang desperada, o kaya ay may date na pala si Knight. Baka mabokya lang siya.

“Why don’t you ask me? FYI, I’m still available,” nakangising sabi nito.

Hindi niya inaasahan ang sinabi ng lalaki. Seryoso

ba ito, inaalok nito ang sarili sa kanya para maging date niya? Aba, Santa Maria! Huwag na huwag sanang magbiro si Knight dahil mapagpatol siya!

Lord, salamat sa early birthday, graduation at Christmas gift! Ang bait Mo po!

“Seryoso, you can be my date?” namimilog ang matang tanong niya dito.

“Seriously and surely.”

Hindi na siya nakapagsalita pagkatapos nitong sumagot. Parang gusto niyang himatayin o di kaya ay mag-daydream na lang, tatal ay katabi niya naman ito.